

Lumad Ma'y Lumaban Din, 1903 - 1935

B. R. RODIL*

They fought the American colonizers, too. Between 1903-1935, the various indigenous communities of Mindanao, known collectively as Lumad, engaged the new invaders at least twenty seven times, broken down accordingly: Marobo -- 11 encounters; Higaunon -- 4; Tiduray -- 3; Bukidnor -- 2; Bagobo -- 2; Mandaya -- 2; Mansaka -- 1; Tagakaolc -- 1; Bla-an -- 1.

The four most outstanding examples of Lumad armed resistance were, (a) the uprising that led to the killing of Governor Bolton of Davao in 1906; (b) the Tungud Movement that started in Davao and spread to Agusan and Bukidnor, 1908-1910; (c) the Subanon rebellion, 1909-1914; (d) the Langkat resistance in Cotabato, 1926-1927, and (e) the Bagobo response to the heavy influx of Japanese planters into their ancestral domain, 1913-1935.

The Lumad communities were still living in a subsistence economy. They were dependent on swidden farming, hunting of wild animals and gathering of forest products. Domestication of animals was generally limited to dogs, horses and cattle in the case of the Bagobos. Commerce with the outside was mainly through barter.

The social structures of the Lumads were still in the initial stages of formation. Each group was basically a clan community, similar to the beginnings of the barangays of old. The Lumads had institutions of local warriors like magani among the Bagobo, bagani among the Marobo, and bong lebe among the Bla-an but these were individuals fighting their own personal battles, seldom leading a group of fighting men in positional encounters.

The significance of Lumad armed resistance lies in the fact that they fought despite their built-in disadvantage against the new colonizers. They, too, loved their freedom.

* Propesor ng Kasaysayan, Departamento ng Kasaysayan, College of Arts & Social Sciences, MSU-Iligan Institute of Technology, Siyudad ng Iligan.

INTRODUKSYON

Sa talakayan ng pakikibaka ng mga Pilipino laban sa mga kolonyalistang Amerikano, mapalad ng may mabanggit kahit isa man lamang na halimbawa ng pakikitalad ng mga Lumad ng Mindanao. Walang nakasulat tungkol dito sa mga teksbuk ng Araling Panlipunan o Kasaysayan ng Filipinas. At wala rin tayong alam na kumprehensibong pag-aaral tungkol dito na isinasagawa sa kasalukuyan.

Ang papel na ito ay isang pagpupuno sa kakulangang ito, isang pananaliksik hinggil sa pakikibaka at pagtutol ng mga Lumad sa pakikialam ng mga dayuhang kolonyalistang Amerikano at mga galamay nito sa kanilang buhay.

BAKIT "LUMAD"?

Iilang taon pa lamang ang nakalipas nang umusbong ang terminong "Lumad" na kolektibong tumutukoy sa mga katutubo ng Mindanao na hindi kabilang sa mga Bangsa Moro at ang paggamit nito ay nangangailangan ng kaunting paliwanag. Sa Kongreso ng Pagtatatag ng Lumad Mindanaw sa Kidapawan, Cotabato noong Hunyo 1986, mga representante ng labinlimang tribu ng mga katutubong di nabibilang sa Bangsa Moro (mula sa tinatayang labingwalo) ang nagkaisa na gamiting kolektibong pangalan nila ang "Lumad". Salitang Sebuhanano ito na nangangahulugar ng katutubo. Sa dahilang wala naman silang komung salita na maaaring gamiting kolektibong pangalan, at Sebuhanano naman talaga ang kanilang lingua franca sa kanilang mga pagpupulong, madali silang nagkasundo sa paggamit ng termino.

Ang mga sumusunod na mga grupong etno-lingwistiko ang itinuturing na nabibilang sa Lumad: Ata, Bagobo, Banwaon, Blaan, Bukidnon, Higaonon, Mamanwa, Maraya, Mangguwangan, Mansaka, Subanon, Tagakaolo, T'boli, Teduray o Tiruray, Manobo, Kalagan at iba na hindi nabibilang sa tinatawag na Bangsa Moro. Hindi rin kabilang dito ang mga katutubo na ngayo'y napasajib na sa mayoridad tulad ng mga Surigaonon sa Surigao, Butuanon sa Butuan, Misamisnon sa Misamis Occidental at Oriental, at Dapitanon sa Zamboanga del Norte.

Sa ngayon, ang pangalang Lumad at Bangsa Moro ay kinikilala na ng batas, katibayan dito ang itinakda ng R.A. 6734 "An Act

Providing for an Organic Act for the Autonomous Region in Muslim Mindanao".²

SAAN SILA MATATAGPUAN?

Para sa pangangailangan ng papel na ito, makasasapat na ang isang masaklaw na pag alarawan kung saan-saang mga probinsya matatagpuan ang iba't ibang mga grupong etno-lingwistiko. Gagamitin natin ang kasalukuyang pangalan ng mga probinsya at mga hangganan nito. Bagamat siyam lamang ang mga probinsya sa Mindanao³ noong unang dekada ng ika-20 siglo at ngayon ay dalawangpu't apat, wala naman silang gasinong pagkakaiba.

Ang mga probinsya noon ay Agusan, Surigao, Davao, Cotabato, Bukidnon, Misamis, Lanao, Zamboanga, at Sulu. Ang tanging pagbabago ay ang pagkakahati ng mga ito tulad ng sumusunod: Agusan del Norte, Agusan del Sur; Bukidnon; Surigao del Norte, Surigao del Sur; Davao del Norte, Compostela Valley, Davao Oriental, Davao del Sur; Cotabato, South Cotabato, Sarangani, Sultan Kudarat, Maguindanao; Misamis Occidental, Misamis Oriental, Caniguin; Lanao del Norte, Lanao del Sur; Zamboanga del Norte, Zamboanga del Sur, Basilan; Sulu, Tawi-Tawi, at ang mga chartered cities gaya ng Davao City, Iligan City, Zamboanga City, at iba pa.

Magsimula tayo sa silangan.

Ang mga Mamanwa ay matatagpuan noong unang dekada ng ika-20 siglo sa paligid ng Lawa ng Manit sa dakong nasasakupan ng Agusan del Norte at Surigao del Norte, at mula sa Surigao (City) paibaba sa silangang baybay-dagat, hanggang sa ilog ng Tago sa Surigao del Sur.⁴

Kasunod ng mga Mamanwa ang mga Mandaya. Sila ang naninirahan sa teritoryo mula sa ilog Tago sa Surigao del Sur paibaba hanggang sa may Mati, Davao Oriental; pagkatapos ay pakanluran hanggang sa may ulo ng ilog ng Agusan sa Agusan del Sur at sa ilog ng Selug sa Davao del Norte.⁵

Sa tatlong lalawigan ng Davao Oriental, Compostela Valley at Davao del Norte ay naandoon din ang mga Mansaka,⁶ Mangguangan,⁷ at Dibabawon⁸ na pawang malalapit na kamag-

anakan ng Mandaya at walang gasinong pagkakaiba sa kanilang wika. Sa bandang ibaba ng Davao Oriental, lalo na sa may Cabo de San Agustin ay may nananahanang mga Manobo⁹ at Tagakaolo.¹⁰ Ang dalawang ito ay sumanga mula sa kanilang mga kaanak sa bandang Malalag sa Davao del Sur. Sa isla ng Samal na ngayo'y sakop ng Davao del Norte ay naninirahan naman ang mga Isamal¹¹ na ayon sa mga ulat ng mga misyonerong Kastila ay pinagsanib na Sama at Mandaya, ngunit hindi naman Muslim. Sa kanlurang bahagi ng Davao del Norte papasok sa Davao City ay nandoon ang mga Ata,¹² at mula sa kanilang teritoryo paibaba sa Davao del Sur ay nandoon naman ang mga Guiangga,¹³ Tagabawa,¹⁴ at Bagobo.¹⁵ Puro Bagobo ang huling tatlong nabanggit kung senso ng gobyerno ang ating pagbabatayan. Kasunod ng mga Bagobo ang mga Kalagan¹⁶ at mga Tagakaolo at mga Manobo, tapos ay mga Bla-an,¹⁷ hanggang sa dalawang isla ng Balut at Tumanao sa Sarangani. May mga Moro din sa Davao subalit ang mga ito ay doon namamalagi sa mga baybayin ng golpo. Sa labimpitong mga komunidad, wala silang kahalo sa pito, at sa nalalabing sampu ay may mga kahalo silang Mandaya, Bisaya, Bagobo at Bla-an.¹⁸

Bumalik tayong muli sa hilaga. Sa Agusan del Norte at Agusan del Sur, lalo na sa kahabaan ng ilog Agusan ay nandoon ang malaking konsentrasyon ng mga Manobo.¹⁹ Sa Agusan del Sur ay meron ding Banwaon.²⁰ Sa bandang kanluran ng Agusan del Norte ay nagsisimula ang mga Higaunon (kilala rin sa pangalang Bukidnon),²¹ tuloy-tuloy patawid ng hilaga ng Bukidnon at kahabaan ng Misamis Oriental, hanggang Iligan City. Sa bandang timog ng Bukidnon ay naroon naman ang mga Manobo na tila karugtong ng mga Manobo sa Cotabato, at ang Ata Manobo sa may dako ng Davao City.²² Walang Lumad na naninirahan sa Lanao maliban sa mga Higaunon (o Bukidnon) sa Iligan City. Sa may hangganan ng Bukidnon at Lanao, lalo na sa ngayo'y munisipalidad ng Talakag at Pargartukan ay dati nang may naninirahang mga Maranao.²³

Bukod sa mga Manobo at Bla-an, taga-Cotabato rin ang mga T'boli²⁴ (South Cotabato) at mga Teduray o Tiruray²⁵ (Maguindanao). Sa Cotabato rin nakasentro, lalo sa Maguindanao,

ang mga Maguindanao at Iranun; meron ding Sangil sa South Cotabato at Davao del Sur.

Ang kabuuan ng Zamboanga peninsula na kinapapalooban ng tatlong lalawigan ng Zamboanga del Norte at Sur at Misamis Occidental ay itinuturing na tradisyonal na teritoryo ng mga Subanon,²⁶ bagamat ang Zamboanga del Sur ay matagal nang pinananahanan ng mga Maguindanaon, Iranun at Sama, at ang bandang kanluran ng Zamboanga del Norte, lalo na ang kinalalagyan ngayon ng munisipalidad ng Siocon, Sibuco at Siraway, ay naging tirahan na rin ng mga Tausug at Sama. Mula sa pinagsanib na Sama at Subanon ay sumulpot ang mga supling na ngayon ay kilala sa pangalang Kalibugan. Ibinibilang ng mga ito ang sarili bilang Moro.

Puro Moro ang mga naninirahan ncon sa Basilan at Arkipelago ng Sulu gaya ng mga Yakan, Sama at Tausug at di na kailangang detalyahin dito.

Sa kabuuan, ang mga Lumad noong unang dekada ng ika-20 siglo ay naninirahan sa teritoryo na ngayo'y tumutugma sa labimsiyam na lalawigan. Sa Agusan, Surigao, Misamis at Camiguin ay wala silang kahalong Moro. Ngunit sa Davao, Bukidnon, Cotabato, Lanao del Norte at Zamboanga ay meron. Batay sa senso ng 1903 at 1918, maliwanag na hindi sila minoridad sa mga probinsya ng Agusan, Bukidnon at Davao.²⁷ Kung nagkataon naman, mas marami ang Kristiyano sa Surigao, Misamis at Zamboanga. Ito'y sapagkat dito nakabase ang mga Kastila at nagkaroon ng maraming pagkakataon ang mga misyonero upang makaakit ng maraming mga katutubo, Lumad at Moro, na maging binyagan. Sa Cotabato naman ay hayagang mas marami ang mga Moro.

Dumako na tayo sa pinakapusod ng ating storya, ang pagtutol at pakikibaka ng mga Lumad laban sa kolonyalistang Amerikano at mga galamay nito.

KABUANG LARAWAN NG PAGTUTOL SA MINDANAO AT SULU, 1903-1935

Nakapanghihinayang na walang naisulat ang mga Lumad, maging ang mga Bangsamoro man hinggil sa kanilang mga

karanasan sa pakikibaka laban sa mga kolonyalistang Amerikano at mga galamay nito. Gayunpaman ay hindi ito ang katapusan ng mundo para sa isang estudyante ng kasaysayan. Masipag magsulat ang mga kolonyalista at isa sa pinakadetalyadong mapagkukunan ng datos ang ulat ng mga opisyal ng Philippine Constabulary (PC). Nangunguna rito ang *The Story of the Philippine Constabulary, 1904-1935* na isinulat ni Harold H. Elarth.²⁸ Siya ay isang beterano sa kanilang tinatawag na *Mindanao Campaigns*. Nagsimula siya bilang isang tenyente at sa bandang dulo ng kanyang kuwento ay isa na siyang koronel.

Ang laman ng kanyang aklat ay tinipong mga ulat mula sa iba't ibang larangan sa buong kapuluan. Ang tungkol sa Mindanao ay naglalaman ng kanya mismong mga karanasan, o di kaya'y sa kanyang mga kaibigan at kasamahan sa Constabulary. Bagamat halatang may pagkiling ang pagkakasulat, malawanag naman nating masisinag ang papel ng kanilang mga nakakaengkuwentro. Sila ang karaniwang nakakaharap ng mga Lumad sa kanilang pakikibaka; sila rin ang magsisilbing salamin sa pagsuri sa mga detalye na ating kailangan.

Gaya ng alam na natin, ang *Philippine Constabulary* ay itinatag ng mga Amerikano noong 1901 upang ito diumano ang magpanatili ng kaayusan at kapayapaan sa Pilipinas. Ang karaniwang sundalo nito ay binubuo ng mga katutubong Pilipino,²⁹ subalit ang mga opisyal ay puro Amerikano, at nanatiling ganito ang kaayusan hanggang 1935. Sa ganitong paraan ay napanatili ng mga kolonyalista ang kanilang interes nang hindi gumagamit pa ng *Army Regulars* o *American Volunteers*. Nakatipid pa sila ng malaki sapagkat hindi magastos magmantene ng mga Konstabularyong Pilipino.

Tingnan muna natin ang sumada ng mga pangyayari mula nroong 1903 hanggang 1935, at pagkatapos ay isa-isahin natin ang ilang tampok na halimbawa ng pagtutol.

Noong unang dekada pa lamang ng mga Amerikano sa Mindanao, hanggang sa bandang 1914, katakot-takot na labanan ang kanilang nasuungan. Ito'y nagpapakita kung gaano katindi ang pagtutol ng mga katutubong Mindanao at Sulu sa pagpasok ng bagong kolonyalista. Daan-daan ang mga away sa mga kuta

at nagkaroon ng dalawampu't anim ra pag-aalsa na dahil sa kalakihan ay inilagay ng mga Amerikano sa kategorya ng "*military campaigns*." Karamihan sa mga pangyayari ay naganap sa Sulu, Lanao at Cotabato. Subalit may mga pagsabog din sa Davao, Agusan, Bukidnon, Misamis at Zamboanga.³⁰

Ang ikalawang dekada ay di kasing tir-di bagamat may manakanakang pagsabog ding naganap.³¹

Subalit sa ikatlong dekada, lalo sa bandang 1928, ay naging abala na naman ang PC. Dati, hanggang 1914, marami pang tropang Amerikano ang nakikilaban. Subalit nang magkaroon na ng sapat na bilang ng Philippine Scouts, ang mga ito at ang PC ang bumalik sa pakikiharap sa mga pag-aalsa. Ang mga taong 1931-1935 ay napabantog sa rekord ng konstabularya bilang "*The Mindanao Pacification Campaign*". May mga pagputok pa rin sa dakong Agusan, maliban pa sa dati ng maiinit na Sulu, Lanao at Cotabato.³²

Noong 1935, ani Elarth, ang mga nangasawing Moro ay hindi nalalayo sa pagitan ng 15,000 hanggang 20,000.³³ Walang iskor sa mga Lumad, subalit mula sa aklat ni Elarth ay may napulo't tayong di kukulangin sa dalawampu't siyam na pangyayari o labanan na kinasasangkutan ng Lumad, di nga lang pantay-pantay ang mga detalye: Manobo — 11 labanan; Higaunon — 4, Tiduray — 3; Bukidnon — 2; Bagobo -- 2, Mandaya — 2, Mansaka — 1; Tagakaolo — 1; Bla-an — 1.³⁴

Ang bibigyan natin ng lugar dito ay yaong pinakatampok na mga kaso ng pagtutol ng mga Lumad. (a) ang pag-aalsa na umikot sa pagkapatay kay Gobernador Bolton ng Davao noong 1906; (b) ang kilusang Tungud na nagsimula sa Davao at kumalat sa Agusan at Bukidnon, noong 1908-1910; (c) ang pag-aalsa ng mga Subanon noong 1909-1914; (d) ang rebelyon ng Langkat sa Cotabato noong 1926-1927, at (e) ang sagot ng mga Bagobo sa pagdagsa ng mga Hapon sa kanilang lupain, 1918-1935.

PAG-AALSA SA DAVAO, 1906-1908; PAGPASLANG KAY GOBERNADOR BOLTON

Ika-6 ng Hunyo 1906 nang paslangin si Gobernador Edward C. Bolton ng Davao. Sinibak ang kanyang ulo ni Datu Mangalayan, isang kilalang datu ng Tagakaolo sa Malalag (munisipalidad ng

Davao del Sur ngayon) na kamakailar lamang ay siyang inilagay ni Bolton bilang pangalawang pangulo ng *Tribal Ward No. 6* ng mga Tagakaolo at siyang tuwirang mamamahala sa pamayanan ng mga Manobo. Kasamang napatay ni Bolton ang isang Amerikanong magtatanim na si Benjamin Christian. Makalipas ang ilang buwan, noong Agosto 3, 1906, napatay naman si Mangalayan.³⁵

Sa unang tingin ay walang rebelyon sa istoryang ito. Subalit ang isinagawang imbestigasyon ng awtoridad na kolonyal ay nagbunyang ng mga anggulong di inaasahan. Bago tayo magpatuloy ay lwanagin muna natin ang ibig sabihin ng *Tribal Ward No. 6*.³⁶

Isa ang Davao sa limang distrito na bumubuo ng *Moro Province* na itinatag noong 1903. Ang iba ay Cotabato, Lanao, Zamboanga at Sulu. Ang Agusan at Bukidnon ay ginawang *Special Province* ng Agusan sa dahilang ang karamihan sa naninirahan daw dito ay mga Lumad. Ang Surigao at Misamis ay ginawang mga regular na probinsya kung saan ang nakararami sa mga mamamayan naman ay mga Kristiyano. Ang pagiging espesyal na probinsya ay itinakda ng gobyerno bilang kinakailangang hakbang upang maihanda ang mga Moro at Lumad sa pagiging mamamayan ng regular na yunit ng estruktura ng gobyerno. Dapat banggitin dito na di sibilisado ang tingin sa kanila ng mga Amerikano at ang *Tribal Ward* samakatuwid ay isang nakbang tungo sa pagiging sibilisado.

Anim lahat ang mga *Tribal Ward* sa Davao (No. 1 ang Ata, No. 2 ang Bagobo, No. 3 ang Guianggas, No. 4 ang Mandaya, No. 5 ang Moros at No. 6 ang Tagakaolo); labingwalo sa Cotabato; labintatlo sa Lanao; siyam sa Sulu, at lima sa Zamboanga, at limampu't anim ang subdistrito.³⁷

Itinakda pa rin ng batas na siyang nagtatag sa *Tribal Ward* na ang gobernador ng distrito, tulad ni Bolton, ay obligadong humirang ng kanyang representante o deputy sa bawat ward — isang datu na hangga't maaari ay kinikilalang pangulo ng kanyang mga sakop. Maaari rin siyang magtatag ng mga karagdagang sub-tribal ward kung kinakailangan.³⁸

Kasalukuyan pa lamang siyang nagtatatag ng mga *tribal ward* nang masawi si Gobernador Bolton. Ayon sa naging resulta ng imbestigasyon, noong bandang Pebrero 22 nang taon ding yaon, pinulong niya ang mga kinikilalang miyembro ng iba't ibang tribu sa Malalag. Marami siyang *tribal ward* na itinatag sa pagtitipong yaon. Hindi naging mahirap ito sa mga Tagakaolo, Manobo, Blaan at mga Kalagan na puro naman magkakatabi ang mga teritoryo. Inudyukan rin niya ang mga ito, pati na ang mga Moro, Bagobo, at Mandaya na ilikas ang kanilang mga komunidad sa bandang baybayin, gawing permanente ang mga ito, magtanim sila ng abaka, niyog at iba pa, sa halip na magkaingin para lamang sa isang anihan ng palay at kamote. Ipinaliwanag niya na maraming kahoy ang nasisira sa pagkakaingin.

Napamahal daw siya sa mga tribu sapagkat nagpupunta siya sa kanilang lugar ng nag-iisa at wala man lamang armas. Naakit niya ang isang datung Tagakaolo na si Balawag na bumaba mula sa bundok at doon magtayo ng komunidad sa malapit sa baybayin ng Malalag. Ang tutuo nga, noong pulong ng Pebrero 22 ay hinirang niya si Balawag bilang pangulo ng *tribal ward* ng Tagakaolo, at si Mangalavan naman bilang pangalawa nito at siyang tuwirang mamamahala sa isang komunidad ng mga Manobo.³⁹

Pansamantala raw ay maganda ang takbo ng kalagayan sa *tribal ward*. Subalit noong bandang huli, may mga taga-tribu, ayon sa mga planters, na nagpahayag ng sama ng loob sa mga *planters* sa Bulatakay, Fadada, Malalag at Kibulan. May mga usap-usapan daw na pagpapapatayin ang ilang mga Amerikano, kabilang na ang gobernador at si Mr. McCullough, isang magtatanim sa Kibulan na siyang tunay na *assistant* ng gobernador at siyang tuwirang namamahala sa bagong tatag na *tribal ward* ng mga Tagakaolo. Nagiging matunog ang mga usap-usapan at may napadagdag pa ngang papaslangin at pagnanakawan din ang lahat ng mga Amerikano mula sa Digos hanggang sa Kibulan. Kaagad nagsumbong sa mga awtoridad ang mga planters.⁴⁰

Napag-alaman din na isang katutubo na nanggagalang Simbanan ang may dalawang taon nang nanggagamot doon,

kasama na rito ang pamimigay ng mga anting-anting na makakatulong diumano laban sa malas, sakit at iba pa. Kaibigan niya sina Balawag at Mangalayan at malalim diumano ang impluwensiya niya sa dalawa. Ayon sa imbestigador, malakas ang kanyang kutob na si Simbanan ang nag-udyok kay Mangalayan na paslangin ang mga Amerikano.⁴¹

Ayon pa rin sa testimonyo ng iba pang katutubo, sina Balawag, Mangalayan, Simbanan at maraming iba pang mga katutubo, kamag-anak at mga kaibigan ni Mangalayan, kabilang na sina Sulutan at Kawag mula sa Digos, ay nagpuulong diumano kina Mangalayan sa Daul at doon ay napaagkayarian na pagpapapatayin at pagnanakawan ni Mangalayan ang mga Amerikano sa Kibulan; si Balawag naman ang kikilos sa Malalag; silang dalawa, Mangalayan at Balawag sa Padada at Bulatakay, at si Sulutan at Kawag sa Digos. Lumalabas na hindi lahat ng katutubo ay sang-ayon sa planon; ito sapagkat may mga nagpahayag diumano ng pagtutol. Nagdaos din ng sariling miting ang mga ito at nagkaisa sila na ipagtanggol ang ilan sa mga planters.⁴²

May ilang anggulo pa rin na limitaw sa imbestigasyon. Mga lima hanggang walong buwan na raw ang nakakalipas nang may isang panatikong Moro na nagngangalang Sumalugpun ang nagpasimula ng isang sayaw sa Sunlug (munisipalidad na sakop ngayon ng Davao Oriental). Natutuhan ito ng dalawang datung Moro na sina Compao at Tomaras. Ikinalat nila ito at nauso naman hanggang sa may ilog ng Tagum, hanggang sa Padada at Kibulan. Mula sa kalat-kalat na ulat ay nakabuo ang mga imbestigador ng misteryo sa likod ng sayaw na ito.⁴³

May nadiskubre daw na bagong diyos sina Compao at Tomaras na ang pangalan ay Lavi. Pagdating diumano nito ay hihirangin nito si Compao bilang hari ng mga Moro; magpapadala ito ng malaking ani at maraming isda; ang mga itak at palakol ay magtatrabaho ng kusa habang ang mga Moro ay nangakaupo; marami ang magiging huli sa pangingsda o pamamansing kahit na maikli lamang ang tagdan; maglalaho ang mga sakit at iba pa. Ngunit ang mga biyayang ito ni Lavi ay ibibigay lamang bilang ganti sa maraming donasyon. Ang walang ibinigay ay walang dapat asahan. At lalabutin ni Lavi ang dila

ng sinumang magsusumbong sa mga Amerikano. At ang panghuli, ang mga Bisaya ay magiging alipin ng mga Moro, at ang mga Amerikano at Kastila ay itataboy o papatayin.⁴⁴

Naging matagumpay daw sina Compao at Tomaras sa mga taga-Sumlug. Mula doon ay pinasabihan ng dalawa si Datu Macibelan ng Lepandi na magpunta kaagad doon, isama ang kanyang mga kaibigan at magdala ng maraming abuloy, pagkatapos ay makipagkita kay Lavi at pag-aralan ang sayaw. Nagpaunlak naman ang datu, kasama ang siyam na kaibigan. Tinuruan nga sila at pagkatapos ay inordinahan sila nina Compao at Tomaras bilang Tataiyan (preachers). Nagtayo sila ng paaralan sa Lepandi. Ang mga estudyante nila mula sa Sarangani ay natuto at ang mga ito naman ang nagturo sa mga taga-Daron, Digos at Padada. Marami silang tiranggap ra abuloy at ang kalahati nito ay napunta kina Compao at Tomaras. Ang mga Blaan at Tagakaolo ay nagsidating din, kapwa may dalang kontribusyon. Subalit ang sayaw ay hindi na nakarating pa sa timog na bahagi ng Padada.⁴⁵

Ang siyam kataong nabanggit sa unahan ay nagbigay ng testimonyo na may sinabi diumano si Compao na maagang mamamatay si Gobernador Bolton.⁴⁶

Nang makarating sa kaalaman ni Gobernador Bolton ang tungkol sa mabilis na pagkalat ng sayaw, siya mismo ay nagtungo sa Sumlug. Isinama niya pagbalik niya sa Davao sina Compao at Tomaras ngunit hindi niya ibinilanggo ang mga ito. Malaya silang nakakagala sa bayan at patuloy pa ring tumatanggap ng mga abuloy. Mula doon ay nagtuloy si Bolton sa lugar ni Balawag at doon pa nga nakitulog. Kinabukasan ay ragtungo naman siya kina Mangalayan, kasama na niya ngayon si Mr. Benjamin Christian at doon naman sila nakitulog. Kinabukasan pa rin ay sama-sama silang bumisita kay Simbaran, kasama ni Mangalayan ang dalawang kapatid rito. Bago dumilim ay may nadaanan pa silang bahay ng isang mangingisda at si Mangalayan ay nakipaghuntahan sandali. Mga tatlumpong minuto raw mula nang sila'y lumisan ay nagbalik si Mangalayan at ang dalawang kapatid at nasambit ng una: "Naulian na ang aking pagkalalaki; pinatay ko ang dalawang Amerikano".⁴⁷ Pagkalipas ng ilang araw

ay nilimas naman nina Mangalayan at Datu Dauda, kasama ang mga katutubo ng iba't ibang tribu, ang tindahan ni Mr. McCullough.⁴⁸

Tumagal ng dalawang taon ang paghahanap sa iba pang kasangkot sa pagpatay kay Bolton. Sa panahong ito ay may isa namang Datu Andas ang nagpanggap na siya'y diyos at inudyukan niya ang kapwa niya katutubo na sumanib sa kanya. Sumama naman ang mga ito subalit nagsiwi rin nang madakip at mabilanggo si Andas pagkalipas ng isang buwan.⁴⁹ Hindi sinasabi sa ulat kung ano ang koneksyon ni Andas sa pagkakapatay kay Bolton, ngunit mahalagang pansinin na rin na noong unang dekada ng pamamahala ng mga Amerikano sa Davao ay meron ding ibang mga pangyayari na nagpapakita ng pagtutol ng mga katutubo sa paninirahan doon ng mga dayuhan.

Noong Enero 31, 1903, halimbawa, ay pinatay ng apat na Mandaya si William Sprague, isang magtatanim sa Mapagba. Siya ang unang Amerikanong bumagsak sa kamay ng mga katutubo. Mula noon ay marami pang ibang planter at mga empleyado ng mga ito ang napabalitang pinaslang din.⁵⁰

Pagkatapos ng nangyari kay Bolton ay pinaghanap na ng mga awtoridad ang mga kasangkot. Sa reyd nila sa bahay ni Simbanan, isang kasamahan nito si Macumpa, ang nasawi. Sumumpa ang ama nitong si Cadui na ipaghihiganti niya ang kanyang anak at ang una niyang nakaharap ay isang Mr. Harvey, isang planter din, dangan nga lamang at siya ang sinamangpalad na mapatay ng mga PC.⁵¹

Sa loob ng bilangguan, noong 1907, isang Bagobo na nagngangalang Manga ang binaril ng mga PC. Napag-alaman na si Manga at ang 27 nitong mga kasamahan ay inaresto dahil sa hindi pagbabayad ng buwis at sapilitang pagtatrabaho sa paggawa ng kalsada.⁵²

TUNGUD: ISANG KILUSANG PANGRELIHIYON SA DAVAO, 1908-1910

Nagsimula ang kilusang ito sa mga Manobo ng ilog Libuganon sa Davao noong 1908. Ayon sa istorya, isang Manobo na nagngangalang Meskinan (*Mapakla* sa tunay na buhay) ang nagpasimula nito. Nagkasakit diumano ito ng kolera (batay sa

mga sintomas), inabandona ng mga kamag-anak sa pag-aakalang mamamatay na ito, subalit makalipas ng tatlong araw ay sumulpot itong magaling na. Siya ang nagpakalat ng balita na ang kanyang paggaling ay nargyari sa tulong ng isang mapagpalang diwata. Ang elemento ng kababalaghan ay naragdagan pa ng kanyang panginginginig pagkatapos niyang magkuwento at ito, na para sa kanila, ay isang tiyak na katibayan na nasapian siya ng mabuting espiritu. Kumalat ang kuwento at nang ito'y dumating sa bandang ilog Mawab, si Meskinan ay hindi na lamang pangkaraniwang baylan. Siya'y isa ng diyos. At hindi na rin kumakain o umiinom.⁵³

Di naglaon ay may dumating na pasabi sa Mawab mula mismo kay Meskinan. Magugunaw daw ang daigdig pagkalipas ng isang buwan; ang mga diwata ng tribu ay hindi na tutulong sa mga taong nagdadamit ng itim; pansamantala raw ay tutulungan niya ang mga tao kung papaano nila ililigtas ang kanilang sarili sa pagkagunaw. Ipinag-utos niya ang mga sumusunod:⁵⁴

- 1) Pagpapatayin kaagad ang lahat ng manok at baboy sapagkat kung hindi ay lalamunin nila ang nagmamay-ari sa kanila.
- 2) Wala ng magtatanim.
- 3) Bawat komunidad ay magtatayo ng isang gusali para sa pananampalataya.
- 4) Dapat ay may isang pari sa bawat komunidad na kay Meskinan mismo tumanggap ng kapangyarihan, at ilang mga katulong sa pagpapalaganap ng balita at manumuno sa mga pananampalataya sa malalayong simbahan.
- 5) Lalamnin ng pananampalataya ang pagsamba kay Meskinan, at magkakaroon ng mga banal na sayaw bilang parangal sa kanya, at paunang abuloy para rin sa kanya.

Punuan ang itatawag sa mga pari at *taytayan* naman sa mga katulong. Tulay ang kahulugan ng *taytayan*, pangulo naman ang *punuan*.⁵⁵

Mula sa mga Manobo ng Libuganon ay kumalat ang Tungud sa mga kalapit na Mandaya, sa mga Mangguwangan, sa mga

Dibabawon, at sa mga Manobo sa ulo ng ilog Agusan. At pati na rin sa mga naging Kristiyano.⁵⁶

Si John M. Garvan na siyang nag-imbista sa Tungud mula sa Compostela sa Davao ay nakapansin kaagad ng mga pagbabago sa kabuhayan ng mga Manobo at Mandaya. Matindi raw ang kakulangan ng pagkain sapagkat wala na ngang nagtatanim mula nang magsimula ang kilusan. Ang kinakain na lamang ng mga tao ay yaong galing sa dati nang itinanim tulad ng kamote at gabi. Kakikitaan ng malaking takot ang mga tao sa lahat ng oras ngunit lalo na sa gabi. Subalit ang pinakamagandang nangyari raw ay ang pagtigil sa mga awayan at alitan na dati ay pangkaraniwan at halos ay natural na pangyayari sa buhay ng mga tao rcon, sa lahat ng tribu, at sa lahat ng komunidad. Dati raw ay walang Mangguwanzan na bumibisita sa Compostela, ngayoy doon pa sila sumasampalataya. Ang iba nga ay nakakarating pa sa mga liblib na tirahan ng mga Mandaya na kanilang tradisyonal na kaaway. Ang mga Dibabawon na taga-Salug at Libuganon ay maluwag na nakakarating ng walang kaba sa Keraga, Kasauman at Manay, at nakakauwi ng walang galos. Ito'y sapagkat ipinagbabawal diumano ng Diyos o ng Magbabaya ang pakikipag-away at ang paghihiganti.⁵⁷

Niliwanag ni Garvan na lingid sa mga tao, may daya ang mga nagaganap na seremonyas. May mga pakikipag-usap kunyari ang punuan sa magbabaya ngunit sa katotohanan, ang sinasabing magbabaya ay isa sa mga alalay rito na nagpaparamdam sa pamamagitan ng iba't ibang boses o paraan na ang punoan lamang ang nakakaintindi. At bukod pa sa mga regular na abuloy, kasama na ang pinakaingat-ingatang mga sibat at pana at itak, ay nahaluan na rin ng komersyo, tulad ng pagbabayad ng 30.00 upang maging punuan o taytayan, o kaya'y pagbebenta ng mga imahen, o kaya'y panyo o iba pa na itinuturing panlaban sa sakit at kung anu-ano pa.⁵⁸

Nagsimulang maglaho ang kilusan noong Disyembre 1910. Walang natupad sa mga sinasabing pagkagunaw ng mundo na ilang beses nang nabimbin; nabisto na rin ang mga panloloko ng punuan at ng kanyang mga taytayan; nagkagutom ang mga

tao, at nauubusan na rin ng mga gamit na pang-abuloy, at tumalab din wari ang payo ng mga Bisaya na di sumasang-ayon. Ang kabiguan ng mga tao ay unti-unting nauwi sa matinding galit. Nang lumaon ay may pasabi na ang mga Mandaya ay sasalakay sa mga taga-Agusan; rereydin raman ng mga Manobo ang mga Dibabawon; tinakot ng mga Mangguwangan ang mga Mandaya sa Tagum. Tanging ang pagkakaroon lamang ng gobyerno sa bandang ulo ng ilog Agusan, ani Garvan, ang nakapigil sa pagsabog ng lagim.⁵⁹

Para kay Garvan, ang Tungud ay isang kilusan ng panloloko at wala ng iba.⁶⁰ Si Fay Cooper-Cole naman na kasalukuyang nanaliksik noon sa mga Mandaya sa bandang Mati ay may napansing ibang anggulo. Umabot din daw sa dakong Look ng Mayo ang kilusan, dangan nga lang ay di na gaanong matindi ang epekto. Ang mga Moro na naninirahan doon ang nakakita kaagad ng oportunidad upang mapalaganap ang kanilang plano na itaboy ang mga magtatanim na Amerikano doon, pati na rin ang mga Kristiyano. Kasalukuyan pa sila noong maiinit ang dugo at di mapakali. Inimbita nila ang mga pinunong Mandaya sa bahay ng Morong Pandita sapagkat doon daw nagpapakita ang diwata. Nang sumunod na gabi nga ay nagpakita ang diwata sa isang madilim na silid at nagwika sa mga tao na mag-alsa at lipulin ang mga Kristiyano doon. Magkahalong paghanga at pagkagimbal ang nadama ng mga Mandaya at talaga naman daw handa na silang sumama sa mga Moro. Dangan nga lamang at nabisto sila ng isang Amerikanong magtatanim. Lingid sa mga Mandaya, ani Cole, ang nabanggit na espiritu na nagpapakita ay anak na lalaki ng Pancita na may bilot na gasa (gauze) sa noc at sa dibdib na kinapapalooban ng alitaptao. Nagmumukha nga naman siyang isang kababalaghan sa kadiliman. Pagpasok niya sa silid ay bigla na lang yumayanig ang bahay. Niyuyugyog naman pala ito ng kanyang kapatid na lalaki.⁶¹

Ang opisyal na ulat ni Lt. Allen Walker na siyang pumalit kay Gobernador Bolton ay naglalaman ng karagdagan pang detalye. Iniulat niya kay General Bliss, Gobernador ng Moro Province, noong Hunyo 1908 na tatlumpu't pitong Moro ang inaresto ng PC sa Mati dahil diumano sa pagsali ng mga ito sa sayaw ng Labi. At si Datu Silatan at Pandita Latibao raw ang nag-udyok

sa kanila. Ipinagsabi raw ng dalawang Morong ito na sila ay nagsisilbi sa tunay na Diyos na siyang tutulong sa kanila upang lipulin ang kanilang mga kaaway at upang makapagtanim at mag-ani kahit hindi nagtatrabaho. Ang kanilang sinasabing tutoong Diyos pala ay isang maliit na bata na ang suot na damit ay naaninag, may bigkis sa leeg at sa baywang at maraming nagliliparang alitaptap sa loob. Nagpapakita raw ito sa panahon ng tagdilim; hinihikayat ang mga Moro at mga Mandaya sa Mati na magsayaw at sambitin ang ngalan nito at pumatay ng mga opisyal ng gobyerno. Ang nabanggit na tatlumpu't pito ay bahagi ng apatnapu't apat na diumano'y sumumpa na papatay ng mga opisyal ng munisipalidad ng Mati at ng ibang magtatanim na Amerikano.⁶²

Kapansin-pansin ang pagkakahawig ng sayaw na ipinauso nina Compa at Tomaras sa sayaw sa Labi na kakabit naman ng pangalan nina Datu Silatan at Pandita latibao. Gayundin ang kanilang layunin na itaboy o lipulin ang mga Amerikano at mga Kristiyano sa lugar. Nandoon pa rin ang pagsisikap na hikayatin ang mga katutubo mula sa iba't ibang tribu na sumama sa kanila. Ang problema nga lamang ay walang tuwirang ebidensya na nag-uugnay sa dalawang grupo ng Moro. Maaring wala pa lamang tayong natatagpuan. Dapat banggitin na ang Surlug at Mati ay hindi magkalayo, gayundin ang petsa ng dalawang istorya.

Idinagdag pa ni Cole na ang Tungud ay umabot din sa hangganan ng Davao at Bukidnon. Kasalukuyan din daw noong hinihikayat ni Gobernador Lewis ang mga katutubo na magtatag ng bagong komunidad at naging kapansin-pansin na may mga dinatnan siyang komunidad na bago pa lamang inabandona ng mga tao. Saka pa lamang daw niya nalaman na kasali pala ito sa isang malaking kilusan.⁶³

Bakit natin ibinilang ang Tungud bilang halimbawa ng pagtutol ng Lumad laban sa mga Amerikano at sa mga galamay nito? Sapagkat hindi ito ang unang pangyayari sa dakong ito ng Mindanao. Sariwain natin na sa isang sulat ni Padre Pablo Pastells, S.J. sa kanyang superyor noong Mayo 2, 1877, mula sa Baganga. Kung saan nabanggit niya ang isang reaksyon sa kanyang

pagsisikap na magtatag ng *reduccion* ang mga Mandaya. May nagpakita raw noong isang matandang babae. Bumaba ito mula sa langit at pinagsabihan ang mga tao na magbalik sa gubat matapos nilang wasakin ang kanilang mga kainin at patayin ang kanilang mga alagang hayop. Sa gubat ay maaari silang mabuhay kahit hindi kumain ng isang taon, at pagkatapos ay sabay-sabay silang mapupunta sa langit, buo ang katawan at kaluluwa. At kung hindi sila susunod sa kanyang utos, may sasakyang dagat sa Davao, at may isa pa sa Surigao, puno ng sundalo na siyang pupugot sa kanilang mga ulo at magdadala sa kanilang mga anak sa Maynila upang ipamagay bilang bihag sa Sultan ng Jolo. Dulot nito, ani Pastells, karamihan sa mga Mandaya (na naninirahan sa *reduccion*) ay nagsibalik sa gubat.⁶⁴

PAG-AALSA NG MGA SUBANON SA ZAMBOANGA, 1909-1914

Si Harold H. Elarth lamang ang tanging pagkukunan natin ng ulat tungkol sa rebelyong ito. Siya ang nanununo sa grupo ng mga konstabularyo na nakaengkwentro ng mga Subano noon kaya't ang kanyang simulat ay isang "*eyewitness account*", ika nga. Kung meron sanang ulat mula sa mga Subano, kahit oral, ay maganda. Subalit wala tayong alam.

Si Tenyente Elarth, kasama ang labinlimang konstabularyo ay nakipagpulong sa mga Timuay (pinuno) ng mga Subanon sa interyor ng Look ng Dipolog, sa may bandang bundok ng Malindang. Ito'y isang pagpupulong tungkol sa kapayapaan sa mga Subano sapagkat may dalawang malaking grupo noon na hindi magkasundo. Subalit matindi ang tensyon. Isanlibong kalalakihan ang naroroon at hindi nila minamabuti ang pakikialam ng gobyerno.⁶⁵

Ang mga konstabularyo ay nakapuwesto sa isang gulod, naka-*rally formation*, naka-kasa ang baril at naka-bayoneta, ngunit tipong hindi nababahala, nag-uusap-usap at naninigarilyo. Isang hakbang mula sa kanila ay naroon naman si Elarth, nakatayo at sa harapan niya ay nakaupo naman ang mga Timuay. Doon sila nagkumperensya. Nalilibutan silang lahat ng isang libong kalalakihan na puro armado ng pana, sibat, at itak. Binulungan si Elarth ni Cabo Mira Leon: "*Muy peligroso, mi Capitan*" (Delikado, Kapitan).⁶⁶

Si Elarth ay *Deputy Governor* ng Zamboanga at di pa naglalaon, mga isang buwan pa lamang, ay inisa-isa niya ang mga tribu doon. Tatlong linggo rin niya itong ginawa. Subalit iba ang kanyang nadarama ngayon sa kanyang mga kaharap: nasa kalagayan di umano ang mga ito na makipag-away. Napansin nga niya na habang tumatagal ang usapan ay hindi naman mapalagay ang mga mandirigma, at meror pa ngang nagsisigawan na. Pinansin ni Elarth ang bagay na ito at ipinaabot sa mga kaharap na mga Timuay na mahirap pagpatuloy ang kumpererensya kung ganoon; mas mainam aniya kung medyo mag-aagwatan ng kaunti ang mga mandirigma. Nag-usap-usap ang apat na Timuay at pagkatapos ay nag-utos na umagwat ang mga tao nila; sumunod naman ang mga ito.⁶⁷

Medyo maluwa-luwag na sana ang paghinga ni Elarth nang bigla na lamang, isang matangkad na Morong mandirigma ang sumigaw: Huwag, huwag! Tunigil kayo, mga tanga! Sabay sugod, wasiwas ang kampilan, patungo kay Elarth. May kasunod itong dalawa pang kasamahan Sigaw uli: Patayin 'yan!⁶⁸

Nagpaputek si Elarth. Tatlong sunod-sunod. Tatlong patay na Moro ang bumagsak sa kanyang paanan. Nagliparan ang mga sibat ng mga mandirigma, pagkatapos ang mga ito ay sumugod na rin. Nagdidilim ang langit sa dami ng sibat na lumilipad. Lamang sundalo ang patay na tumimbuwang bago pa man sila nakapagpaputok. Isa pa ang nahatak mula sa pormasyon at pinagtatadtad at sa loob lamang ng ilang segundo ay ragkapisaso-pirasos. Ang natira pang sampung riple naman ay walang tigil sa pagbuga ng kamatayan. Naligtas sa kamatayan si Elarth nang salagin ng isang Sarhento Bernardo Ames ng kanya mismong katawan ang sibat na para sa kanyang opisyal. Maya-maya ay bigla na lamang nagsitigil ang mga mandirigma at nagtakbuhang ang arimnapu't walong patay na kasamahan. Nang magkatarangan ang mga Konstabularyo, nadeskubre nila na animnapung bala pa lamang ang kanilang naiiputok. At silang lahat ay wala ng bala!⁶⁹

Mga ilang linggo mula noon ay ilan sa mga nagpanakbuhang mandirigma ang nabihag ng mga Konstabularyo at sila'y tinanong kung bakit sila nagtakbuhang.

nagtakbuhan. Ang Kanilang sagot: 'Wala kasing tigil ang putok. Hindi na namin kaya.'⁷⁰

Nakalimang taon ding habulan at taguan ang mga Lumad at PC bago pa naisipan; sumuko ng mga natitirang rebelde. Sa apat na Timuay na nancoon sa kumperensya, isa na lamang ang natitira. Sumuko ito at ang kanyang mga kasamahan sa Margosatubig noong Oktubre 14, 1914. Limang libo raw silang lahat nang magsimula ang rebelyon. Nang ito'y matapos, si Timuay Romualdo na lamang at pitumpu't limang katao na lamang niya ang natitira.⁷¹ Nanatiling lingid sa kanilang kaalaman ang tungkol sa pagkaubos ng bala ng mga PC.

Lumalabas sa imestigasyon na ang pag-aalsang ito raw ay bunga ng pag-uudyok ng ilang datung Moro mula sa Lawa ng Lanao at inalalayan ng mga Kristiyano at di Kristiyanong bandido mula sa Misamis. Kumalat ang balita na may hula daw ang dalawang taga-Misamis na ang daigdig ay magugunaw sa pamamagitan ng apoy at tubig. Hinikayat nila ang mga Subanon na magtipon-tipon sa bundok ng Boburan at mula doon ay aakyat sila sa langit. Ilang libong Subanon daw ang tumugon sa panawagang ito. Sa Boburan, ang mga lider na Moro ang punili at naghandang mga posisyon para sa depensa. Mga 175 na bahay ang itinayo. Ang mga mandirigma ay armado ng sibat, kris, at kampilan. Walang baril.⁷²

Dapat banggitin na may tinuran si Heneral John Pershing, Gobernador ng Moro Province noong 1909-1913 na hindi tumutugma sa bersyon ni Tenyente Elarth. Sinabi niyang wala isa mang Timuay na Subanon na sumali sa pag-aalsa. Sila raw iteng nagsikap na pigilan ang pangyayari.⁷³ Habang wala pang bagong datos na lumilitaw ay mananatili munang misteryo ang salungatang ito ng dalawang opisyal, ang *Deputy District Governor* ng Zamboanga na si Elarth at ang *Governor* ng Moro Province na si Heneral John Pershing.

REBELYON NG LANGKAT SA COTABATO, 1926-1927

Mga Manobo ng kasalukuyang Cotabato ang tinutukoy sa rebelyong ito. Ito ang tanging istorya natin na merong katutubong bersyon

Sang-ayon sa report ng mga kolonyalistang Amerikano, isang pag-aalsa ang naganap sa Cotabato noong 1926-1927. Ito diumano'y pinamunuan ni Datu Mampurok, isang Manobo, at ang mga pangunahing tauhan nito ay mga Manobo rin. Ang mga sumaling taga-ibang tribu ay ang mga Tiruray at mga Magindanao. Mula sa ilayang bahagi ng lambak ng Pulangi, ang pag-aalsa'y kumalat sa Awang at Upi, ang tradisyonal na teritoryo ng mga Tiruray. May pundamental na pagkakaiba ang punto de vista ng mga kolonyalista at ang mga Manobo. Titingnan nating pareho ito. Unafin natin ang sa Manobo.⁷⁴

Ang baryo ng Palakat ay itinatag ng isang William Manyon noong 1920. Ito'y bahagi ng Banisilan ng munisipalidad ng Carmen. Ngayon ay baryo na lamang ito ng Pikit, Cotabato. Si Manyon ay *District Supervisor* ng eskwelahan sa Banisilan, at nang itatag niya ang Palakat ay kasabay din niyang itinayo ang paaralan doon. Lahat ng mga barang nasa wastong edad, pati na yaong dalawampung taon ang edad ay obligadong mag-aral, simula sa unang baytang.⁷⁵

Humirang si Manyon ng mga pinuno ng Manobo sa baryo, ganoon din sa Palakat na isang baryo ng mga Manobo. Isa sa mga pinunong ito ay ang anak ng Datu Sapalawa Kerentekari, kilala sa pangalang Mampurok, na may apatnapung taong gulang.⁷⁶

Ilang lider sa mga baryo ang nagsuplong kay Manyon na maraming mga bata ang hindi pumapasok mula sa baryo ni Mampurok. Kaagad nagpadala si Manyon ng pulis, kinaon nito si Mampurok at dinala sa Banisilan. Nang usisain siya kung bakit wala sa eskwelahan ang mga bata, sumagot ito na natatakot ang mga itong magpunta sa eskwelahan. Pinagsabihan siya ni Manyon na ang mga batang ito ay dapat magsipasok. Kung hindi ay siya, si Mampurok, at ang mga magulang ng mga bata ang mabibilanggo.⁷⁷

Ikinuwento ni Mampurok sa mga magulang ang ultimatum ni Manyon. Bunga nito ay nagtakbuhan at nagsipagtago sa gubat ang mga binata at mga binatilyo. Taringing mga bata na lamang ang nagsipasok. Alam at kilala ng lahat kung sino-sino ang nagsipagtago. Bukod sa di naman kalayuan ang kanilang pinagtataguan. Lagi pa silang umuwi ng panakaw para kumain.⁷⁸

Sa takot niyang mab langgo, namundok na rin si Mampurok kasama ang kanyang pamilya. Dalawa sa kanyang mga anak ang dapat nasa eskwelahan. Nagsisama rin ang pamilya ng kanyang kapatid na babae na may anim na anak na puro nasa edad para mag-aral. Sa bundok ng Kitubod sila nagtungo. Habang siya ay naroroon, nagsimula si Mampurok na maging patutulus, isang tao na naniniwalang siya ay bukod na pinagpala. Nakarating ito sa kaalaman ng mga tao at mula noon ay marami ang nagpupuntahan sa kanya. Di naglaon ay naging bantog siya bilang pinuno ng Langkat.⁷⁹

Kabilang sa mga nakatanggap sa balita ang kanyang mga kamag-anak sa Palakat, Barongis at Balogo. Nakatira na siya noon sa Bintangan at nagpuntahan doon ang kanyang mga kamag-anak, bata at matanda. Ang nagkuwento nito na si Demetrio Bangkas ay isa sa mga ito. At doon ay nadiskubre nila na may mga kababalaghan na namang pinaggagagawa si Mampurok. Hindi siya kumakain ng maraming araw subalit nananatili siyang malusog. Inaawit niya ang kanilang istorya sa estilo ng Ulahingan na kahit matagalan ay hindi siya napapagod. Ang istorya ay tungkol sa buhay nila sa gubat na walang matirahan, kakaunti ang pagkain at kulang sa damit. Namumula ang katawan nito at umuusok kapag pumasok na raw ang panginoon sa kanya. (Hindi raw ito nakita ni Bangkas; narinig lang niya.)⁸⁰

Tulad ni Mampurok naniniwala ang mga tao na malupit ang gobyerno. Bukod sa pinupwersa nito ang mga bata na pumasok, ibinibilanggo pa ang mga magulang. Sapilitan din silang pinapagbayad ng sedula.⁸¹

Inihambing ni Mampurok ang kanilang sitwasyon sa kalagayan ni Agyu at ang mga tao nito. Tinuturuan niya ang mga tao na ang panginoon ay tiyak na tutulong sa kanila dahil sa kahirapang kanilang dinaranas. Patunay dito ang mga kababalaghang nangyayari sa kanya, ang bukod na pinagpala.⁸²

Ipinalaganap ng mga kasamahan ni Mampurok sa ibang mga tao na kapag hindi sila sumunod kay Mampurok sa Kitubod, maiiwanan sila ng saiimbar (sasakyan na magdadala sa kanila sa pinakamataas na langit). Iniwan ng mga tao ang kanilang mga

tahanan at nagpunta sa Kitubod at doon na nanirahan. Ang mga lugar na may mga eskwelahan tulad ng Barongis, Palakat at Balogo ay nawalan ng tao. Subalit dahil sa dami nila sa Kitubod, kinapos naman sila sa pagkain.⁸³

Gabi-gabi ay nagcarasal sila sa bahay dasalan, namumuno si Mampurok. Doon ito nakapuweste sa gitna ng plataporma at ang mga alalay naman sa bandang unahan. Apat na mga lider ang nakaupo sa gilid ng plataporma. Sa pinakagitna ay may memeem (lalagyan ng nganga). Puro sila nakaupo sa sahig. Ang mga tao naman, bata at matanda, ay nakaupo sa mga mahahabang upuan.⁸⁴

Isang alalay ang aawit at mananawagan sa diwata na pumasok sa isa sa kanila upang sumagot sa mga katanungan tungkol sa kinabukasan. Isa naman sa mga lider ang manginginginig at magsisimulang umawit, palatandaan ito na siya'y sinapihan na ng diwata. Magsisimula ang pagtatanungan. Halimbawa ng mga tanong: Ano ang mangyayari sa taong hindi sumasama sa atin? Mararating ba tayo ng mga sundalo? Ang mga sagot ay pinaniniwalaang galing sa diwata.⁸⁵

Kung gugustuhin ng kataas-taasang diwata na pumasok kay Mampurok, manginginginig ito, ganen din ang mga tao, hangang yumugyog ang buong kabahayan. Tahirik ang lahat. Pagkatapos ay isa sa mga lider ang aawit na dumating na ang kataas-taasang diwata. Tigil ang yugyug. Aawit si Mampurok at sasambitin ang gustong sabihin ng diwata. Halimbawa: nalulungkot siya na marami pang tao ang hindi sumusunod kay Mampurok, at dahil dito ay hindi lahat ng tao ay makakatanggap ng kanyang awa.⁸⁶

Itinuturo ng mga diwata sa pamamagitan ng bawat sinasapihan nila na dapat magtulungan. Magpatawad sila sa isa't isa; huwag magnakaw; huwag pumatay; huwag makiapid sa iba at; huwag makipagtsismisan. Ang hindi sumunod sa mga ito ay hindi lalawitan ng awa ng punong diwata. Hirimok din ng mga diwata ang mga walian na sumunod kay Mampurok. May pagkakaiba ng pamamaraan ang mga walian at si Mampurok. Ang walian halimbawa ay gumagamot sa mga may sakit sa pamamagitan ng paggamit ng mga halaman at seremonyas, samantalang si Mampurok ay umaawit lamang sa estilo ng Ulahingan at

humihingi ng tulong sa mga diwata. Sa ritwal ng walian, walian lamang ang nanginginig, samantalang kay Mampurok, lahat ay nanginginig.⁸⁷

Ipinasabi ng punong diwata sa pamamagitan ni Mampurok na ipapadala niya ang kanyang sarimbar upang sunduin lahat iyong gustong sumunod sa kanyang mga utos. Dahilan ito upang lahat ng tao ay maghintay sa pagdating ng sarimbar. Sa panahon ng paghihintay ay hindi sila makatrabaho; natutulog lamang maghapon. Bagaman may ilan na nagbubungkal ng lupa at nagtatanim para may makain. Dumating ang panahon na wala na silang makain. Subalit hindi pa rin dumarating ang sarimbar.⁸⁸

Taong 1926 na nang magsimulang mag-alisan ang mga tao dahil nga walang makain. Nagpaalam naman sila kay Mampurok at ito naman ay pumayag. Ang unang nagsidat ng sa Kitubod at nagbungkal ng lupa na ngayoy wala nang maani ang unang ring nagsilisan. Merong hindi na nagbalik sa dati nilang lugar. Kakaunti na lamang ang raiwan sa Bintangan. May mga taong hindi na naniwala kay Mampurok dahil nga sa hindi pagdating ng sarimbar. Meron namang nanatiling sumasampalataya kahit wala na sila sa Bintangan.⁸⁹

Ang mga Manobo na nagsibalik sa Pikit ay nagkuwento sa mga Muslim doon tungkol sa kagandahang loob ng diwata kay Mampurok. May mga sama ng loob din ang mga Muslim na ito. May problema sila sa ilang mga datu, at mga pinagkakautangan. Tutol rin sila sa pagbayad ng sedula at pagpasok ng mga bata sa eskwelahan. Sumama si a kay Mampurok. Finasok din sila ng mga diwata at bagaman wika nila ang ginagamit, nakaawit pa rin sila ng kanilang istorya, sa estilo ng epiko (Ulahingan).⁹⁰

Ang ibang Muslim na nakisali na rin ay lumihis sa mga itinuturo ni Mampurok. Nireyd ni a at pinagbaharil ang mga baka sa rantso ni Manyon, pinutol nila ang linya ng telepono sa pagitan ng Pikit at Banisilan, at pinagnakawan nila ang mga tao at pinapatay.⁹¹

Nang makarating sa gobyerno ang mga ito, kaagad silang nagpadala ng mga Bisayang sundalo na nakada nit Muslim upang maniktik. May suspetsa ang gobyerno na si Mampurok ang

namumuno sa mga Muslim na ito. Ang mga sundalong Bisaya ay tinanggap bilang miyembro ng grupo ni Mampurok; ibinigay nila ang mga hinihingi sa kanila: isang bote ng langis ng niyog at isang tubaw para kay Mampurok. Sayang-saya ang mga Manobo at Muslim na sumasampalataya kay Mampurok dahil ang pagsali ng mga sundalong ito para sa kanila ay simula ng pagsunod ng iba pa.⁹²

Di naglaon ay bumalik na sa Pikit ang mga sundalo. Nilagyan nila ng pananda ang mga daang patungo sa lugar ni Mampurok.⁹³

Nang panahong ito ay mas marami na ang mga Muslim kaysa sa Manobo at hindi na sila makontrol ni Mampurok. Sila ang nakikinabang sa kaunting inaani ng mga natitirang Manobo sa kanilang mga kaingin. Dahilan ito upang ang mga datung Muslim sa Pikit ay makadama ng awa kay Mampurok at sa mga Manobo. Pinagpayuhan ni a si Mampurok na magbalik na sa lugar na may eskwelahan at gawin na lamang kung ano ang hinihingi ng gobyerno. Ganito rin ang gustong mangyari ng opisyal ng PC sa Pikit sapagkat marami ang nagaganap sa pangalan ni Mampurok. May gantimpala raw para sa sinumang makakahikayat kay Mampurok na bumalik na. Ang datung Muslim ng Midsayap ay nagpaabot ng pasabi kay Mampurok na magbalik na sa cati niyang lugar. Hindi nakinig si Mampurok. Ganon din ang pasabi ng Muslim na pinuno ng Balogo. Turannggi si Mampurok. Naghihintay pala ito ng mensahe sa punong diwata.⁹⁴

Dumating na ang mga sundalong iratasan para patayin si Mampurok. Nagsimula ang putukan. Tinamaan si Mampurok sa dibdib at dalawang paa. Maraming Muslim ang napatay. Marami ang nalunod habang tumatawid sa ilog sa kanilang pag-iwas sa putok. Lahat ng tao sa Bintangan ay nagsialis. Ang mga miyembro ng pamilya ni Mampurok na nakaligtas ay dinala sa Balogo at doon sila pinangalagaan ng pinunong muslim. Nag-aalala ang huli na baka gantihan ang mga ito ng mga kamag-anak ng mga Muslim na nangapatay sa Bintangan.⁹⁵

Nagkawatak-watak na ang mga Langkat, subalit patuloy pa rin ang mga Manobo o Muslim, sa kanilang mga dalanging

Langkat, maging sa kanilang mga taguan. Nang lumaon, sumunod na rin sila sa kagustuhan ng gobyerno: pumasok sa eskwelahan at magbayad ng sedula. Ang mga walian ay nagbalik sa kanilang pagka-walian, subalit nawala na ang sayaw sa kanilang ritwal; awit ra lamang ang nawan.⁹⁵

Ang bersyon ng gobyerno ay kukunin natin sa aklat ni Elarth. Subalit hindi na natin uulitin pa ang mga detalye, yaon lamang mga punto na nagbibigay sa atin ng punto de vista. Kapansin-pansin na laging "*Alangkat tribe of the Manobo*" ang binabanggit nila. Dahil itinuturing daw ni Mampurok na Diyos ang kanyang sarili, libo-libo ang mga "*hill people*" na sumunod sa kanya. May mga "*pilgrimages from distant parts of Mindanao*" pa raw na dumarating para magbigay-galang sa kanya. Dumarating din sina Coronel Stevens, Major Gutierrez at ang gobernador ng Cotabato, upang makipag-usap kay Mampurok. Ipinagmayabang ni Mampurok sa kanyang mga tao ang pagbibigay-galang sa kanya ng mga opisyal. Subalit nang magtatag na raw ng sarili niyang gobyerno si Mampurok, at nagtayo ng sariling hukbo, at mangulekta ng buwis, napilitan ng umentra sa eksena ang konstabularya. Si Mampurok at tatlarapo sa kanyang mga tauhan ang napatay noong Marso 23, 1927. Ilang baril at mahigit na isang libong patalim ang nakumpiska. Dito raw natapos ang napabantog sa kasaysayan ng Mindanao na "*Alangkat Movement*".⁹⁷

Sa isa pang aklat, naniwala daw ang mga Muslim na ang kanilang iginagalang ra Datu Ali na siyang nangulo sa pagsagupa sa mga Amerikano noong unang dekada ng pagpasok ng mga ito ay nagbalik sa katauhan ni Mampurok.⁹⁸

SAGOT NG MGA BAGOBO SA PAGDAGSA NG MGA HAPON SA DAVAO, 1918-1935

Noong bago pa sumabog ang ikalawang digmaang pandaigdig, ang abaka ay kilala na sa daigdig ng pangangalakal, sa larangan ng malalaking sasakyang dagat, at iba pa bilang "*Manila Hemp*". Ang abaka ay produkto ng dalawang rehiyon sa Pilipinas, ang Kabikulan at ang Davao. Ang talagang nagpasikat sa Davao bilang taniman ng abaka ay ang mga magtatanim na Hapones.

Taong 1905 pa lamang nang magsimulang dumating sa Davao ang mga Hapones. Ang unang grupo ay dating mga manggagawa na tumulong sa paggawa ng Kennon Road patungong Baguio, ang bantog na zigzag. Mula sa 340 katao noong 1905, ang mga Hapones na naninirahan sa Davao ay umabot sa 17,888 noong 1939.⁹⁹

Sa kabuuang listahan ng mga plantasyon ng abaka sa Davao noong 1918 na umaabot sa 164, animnapu't siyam ang sa Hapon, tatlumpu't pito ang sa Amerikano, apatnapu't dalawa ang sa Pilipino at labing-anim ang sa iba. Ang mahigit na limampung libong ektaryang kabuuan ng plantasyon ng mga Hapones ay limampu't pitong porsiyento ng kabuuan. Dalawampu sa mga plantasyong Hapon ay nasa kalagitnaan ng Davao — lupain ito ng mga Bagobo! Hindi ibig sabihin na mga plantasyong Hapon lamang ang pumasok sa lugar ng mga Bagobo. Meron ding Amerikano at Pilipino. Kaya lamang, sa ngayon, mas may mapanghahawakan tayong datos tungkol sa naging sagot nila sa mga Hapones.¹⁰⁰

Noong 1910 mga limang taon pa lamang ang nakalilipas mula nang dumating ang unang mga Hapones, nagsimula ng magpakita ng pagtutol ang mga Bagobo sa mga ito. Halimbawa ay limang mga datung Bagobo ang pormal na naghain ng pagtutol sa programa ng pagpapalawak ng *Mindanao Development Company* na pag-aari ng isang Saburo Akamine. Ayon sa mga ito ay dati na silang may-ari ng mga lupang pinasukan ng kompaniya. Ang tutol nga raw ay mahigit sa ikatlong bahagi ng lupa ang pinaninirahanan ng mga Bagobo.¹⁰¹

Sapilitan ang ginawang pagpapaalis sa kanila ng pinagsamang puwersa ng mga Hapon, opisyal ng gobyerno at *Philippine Constabulary*. Ang unang mga sagutan ay nauwi sa pagbuburot ng baril ni Furukawa, isa sa impluwensyadong Hapon sa Davao noong panahon yaon. Pagkatapos nito ay pumasok ang PC at mga inspector ng *Bureau of Public Lands*. Harggang sa wakas ay nakarating ito sa opisina ni Gobernador Causing ng Davao. Ito ang humikayat kay Angalan, ang isa sa mga datu na tinutukan ng baril ni Furukawa, na pumirma sa isang kasunduan. Labag man sa kalooban ay pumirma na rin ito.¹⁰²

Para sa mga taong nakakaintindi ng nakaugaliang pagmemay-ari ng lupa ng mga Bagobo at sa batas panlupa ng gobyerno, ang kasunduan ay nakalatawang nakakainis. Si Angalan ay pinayagan diumano ni Sapuro Akamine na manatiling may-ari ng 24 hektaryang lupa sa loob na nasasakupan ng inarkilalang lupa ng Mindanao Development Company; pumapayag din si Angalan na magtanim ng abaka ang kompanya sa kanyang lupa; at pumapayag din siya na hindi siya o sinupaman magtatayo ng tindahan sa loob ng kanyang lupa, at panghuli, hindi aangkinin ng kompanya ang 24 na hektaryang lupa ni Angalan.¹⁰³

Ang kaso ni Angalan ay isa lamang sa marami pang iba. Ang tutuo ay maraming ginagamit na paraan ang mga Hapon sa pagkuha ng mga lupa ng mga Bagobo. At para sa mga Bagobo, ang pagkawala ng kanilang lupa ang pinakamatinding dahilan ng kanilang mga ginagawang pagtuto sa pananatili ng mga Hapones. Mahalagang maintindihan natin ang nadarama ng isang Bagobo noon. Wika ng isang datu noong 1930, dati raw sila ay mayaman. Marami silang baka at mga kabayo. Meron silang lupa na nagbibigay sa kanila ng pagkain at damit. Subalit ngayon ay naghihirap na sila. Dumaating sa kanilang lupain ang mga dayuhan, dinala sila sa korte upang doon panindigan ang kanilang pag-aari. Hayop ang ibinayad nila sa kanilang abogado. Mabuti pa raw noong panahon ng mga gobernador na Amerikano at may nasasakyan pa silang kabayo. Ngayon ay kinakailangan na nilang naglakad para makarating sa Davao.¹⁰⁴

Hindi kinikilala ng batas ang komunal na pag-aari ng lupa ng mga Bagobo. Samantala, ang mga Hapones ay pangkaraniwan ng gumagamit ng mga abogado sa pagkuha nila ng lupa para sa kanilang mga plantasyon ng abaka. Ang mga punong kahoy na natural na tumutubo sa mga lupa ng Bagobo tulad ng duryan, lansones, bunga, niyog, abaka at iba pa ay hindi rin kinikilala ng mga dayuhan bilang palatandaan ng pag-aari ng mga katutubo. Kaya't nang magkaroon ng epidemya ng small pox noong 1917-1918, at influenza noong 1918 sa distrito ng Guianga, maraming mga Bagobo ang nagsilikas sa ibang lugar, at ang paglikas na ito ay sinamantala ng mga dayuhan upang angkinin ang mga lupa. Ang mga pangyayaring ganito na sa tradisyon ng mga Bagobo ay pinagmumulan ng giyera ay nakapagpagalit sa kanila.¹⁰⁵

Hindi rin natantiya ng mga dayuhan ang galit na burnukal sa dibdib ng mga Bagobo dulot ng walang humpay na pagputol sa mga kahoy tulad ng mga lansones, duryan at iba pa. Mapapansin na sa pagitan ng 1918 at 1938, mga 600 Hapones ang pinatay ng mga Bagobo. Ang mga pagpatay na ito ay panapanahon. Sa panahon na malakas ang pangangailangan ng mga Hapon sa lupa para sa abaka, marami ang namamatay; sa panahon naman ng paghupa ng produksyon ng abaka ay kumokonti naman ang mga kaso ng pagpatay sa mga Hapon. Ang unang *boom* ng abaka sa Davao ay noong 1918-1921; mga 100 Hapones ang napatay noon. Ang sumunod na mga *boom* ay noong 1928-1930 at 1934-35. Ang unang *boom* ay napataon sa pagsulpot ng epidemya ng small pox at influenza, kaya't ang nangyari ay nakatulong pa sa pagkawala ng lupa ang naturang sakit. Subalit may bahid ng kultura ang paliwanag dito. Kasama sa mga pinagpuputol ng mga Hapones ng malalaking kahoy na ayon sa paniniwala ng mga Bagobo ay ang pagsisira ng tahanan ng mga espiritu. Ang epidemya para sa kanila ay patunay na nagalit ang mga espiritu; dahilan rin siya upang payapain ang galit ng mga espiritu.¹⁰⁶

Umaasa ng malaki ang mga Bagobo sa bunga ng gubat. Subalit nang lumawak ang mga plantasyon, walang tigil ang pagputol sa mga kahoy. Maraming batis ang natuyo; ang mga hayop sa gubat ay naglaho, at ang mga lansones, duryan, bunga at iba pa ay nangawala na rin. Kaya't gumanti sila sa mga Hapones na siyang nakikita nilang nagwasak sa kanilang pinagkukunan ng kabuhayan.¹⁰⁷

Nagprotesta ang mga Hapones sa gobyerno dulot ng maraming pagpapay na naganap. Ginawa rin nila ito sa antas ng diplomasya. Masakit para sa mga Bagobo ang naging sagot ng gobyerno. Kinumpiska ng PC ang mga armas ng mga Bagobo : mga baril (shotgun) na ginagamit nila sa pangangaso at kung pinayagan man silang huwag isurender ang mga ito ay inaalisan naman sila ng pribilehiyo na makabili ng bala; mga sibat at iba pang mga patalim, pati na yaong mga kutsilyo na pangdekorasyon. Ang iniwan lamang daw ay mga lumang gamit na wala ng masyadong pakinabang.¹⁰⁸

Ngunit nagpatuloy pa rin ang pagpatay sa mga Hapon. Natigil lamang ito nang tumigil na rin ang *expansion* ng mga plantasyon. Narito ang sinabi ng isang representante ng mga Bagobo noong 1935 tungkol sa kani ang pagpatay sa mga Hapon:

Nais kong ikuwento sa inyo kung papaano dumating ang mga Hapon sa aring lupain. Noong 1917 (sic), maraming Hapon ang pinatay sa aring lugar. Hindi ko alam kung ilan ang nahuli ng gobyerno sa mga pumatay sapagkat mahirap tiyakin kung sino talaga ang pumatay. Nang lumubha ang mga pangyayari, nagpunta sa amin sina Direktor Guingona, Deputy Gobernador de la Pena at mga opisyal ng Kostabularya at dinisarmahan kami. Kiruha ang aring mga *shotgun*, itak, sibat at kampilan, pati na ang aring mga tubaw. Matapos kaming madisarmahan ay nagbalik sila at pinagsabihan kami na hindi namin dapat patayin ang mga Hapon. Sa halip ay pabayaan sila na magtayo ng kanilang mga tindahan at mamuhay ng matahimik sa aming piling.

Sinabi pa rin ng *Deputy Governor* na kung hindi kami mapipigil sa pagpatay sa mga Hapon, susunugin ng gobyerno ang aming mga lugar. Ito ang dahilan kung bakit hindi na namin sila ginalaw.¹⁰⁹

Dapat pa rin nating itanong ito kung bakit natin isinali sa kategorya ng pagtutol ang naging tugon ng mga Bagobo sa mga Hapones na magtataning ng abaka. Ang pinakamatuwid na sagot ay sapagkat nasa panahon pa tayo ng kolonyalismong Amerikano at nagkataon lamang na ang mga Hapones ang tuwiran nilang nakakaharap. Ang mga kolonyalistang Amerikano ang nagtatag ng *Moro Province* kung saan nakapalocb ang Davao at kung saan ipinatutupad din ang pag-oorganisa ng mga *Tribal Ward*. Sila ang nagbigay ng pahintulot sa mga Hapones at iba pang nasyonalidad na magbukas ng mga plantasyon sa Davao. Sila ang nagtakda ng batas panlupa na siyang naging armas ng mga dayuhan upang maluwag na makuha ang mga lupaing ninuno ng mga Bagobo. Karila ang pamahalaan, kanila rin ang *Philippine Constabulary* na siyang humahabol sa mga "lumalabag" sa batas, at isa na sa maseselarg paglabag na ito ang pagpatay ng mga Bagobo sa mga Hapones. Ang pagpatay sa mga Hapones ay tuwirang paghamon sa batas ng kolonyalismo. Maaaring hindi mulat ang mga Bagobo sa mga

bagay na ito, subalit maliwanag sa kanila na ang pagkakaroon ng Hapon don ay nakasira sa kanilang buhay. At kumilos sila ng naaayon sa kanilang kamulatan.

KARAGDAGANG PAGSUSURI AT KONKUSYON

Hindi maipagkakailang maliliit lamang ang mga pag-aalsang ginawa ng mga Lumad, maging yaong itinampok sa papel na ito. Parang kurot lamang kumbaga. At hindi na kailangang pagtalunan pa.

Subalit ang mga ganitong konklusyon ay may pinanghahawakang panukat. Kapag sinabing maliit ay sapagkat merong naganap na mas malaki. At kapag sinabing kurot ay sapagkat merong naganap na nagbigay ng bigwas o higit pa. Maaaring hindi na nga kailangang pagtalunan pa subalit humihingi ng paliwanag ang pagiging maliit ng mga pagtutol ng Lumad sa kolonyalismo.

Silipin natin ang katayuan ng kanilang pamumuhay noong panahon ng mga pag-aalsa at kahit papaano ay magkakaroon tayo ng karagdagang liwanag.

Tatlong aspekto ng kanilang buhay ang ating bibigyan ng pansin: ang kabuhatan, ang organisasyong panlipunan at ang kanilang sistema ng pagtatanggol sa sariling komunidad.

Sa larangan ng kabuhatan, kapansin-pansin na lahat ng tribu ng Lumad sa Mindanao ay pare-parehong umaasa sa pagkakaingin, pangunguha ng bungang-gubat, pangingisda sa mga ilog at sapa, pangangaso at paminutag ng hayop-gubat, ibon at iba pa. Nagtatanim sila ng palay sa kaingin at hindi sila nawawalan ng kamote, gabi at tubo. Fangkonsumo lamang ang produksyon, walang labis. Aso lamang ang tanging hayop na kanilang inaalagaan, maliban sa mga Bagobo na may mga alagang baka at kabayo. Meron ding pakikipagpalitan ng kalakal sa mga taga-labas na pangkaraniwa'y Moro sa dakong timog ng Mindanao at B. saya naman sa bandang hilaga at silangan. Subalit madalas nagpapalitan ng kanilang produkto ang mga Lumad at sa mga mangangalakal kung kailangan lamang. Labas dito yaong mga Lumad na nagbabayad ng buwis sa mga datung Moro; ito'y talagang pinagahandaan, kundi man sapilitang kinukuha.¹¹⁰

Nagkaroon ng pagbabago sa kabuhayan ng mga Bagobo at sa mga kapit-tribu nila tulad ng mga Tagakaolo at iba pa na naaabot ng binuksang mga plantasyon. Dati ay ligaw na abaka ang tumutubo sa kanilang dako ng Davao. Subalit nang dumating ang mga Amerikano at Hapon, natuto silang humagot ng abaka para ibenta sa pamilihan. Sa kanilang pangangaso ay natuto silang gumamit ng *shotgun*. Marami rin sa kanila ang namasukan sa mga plantasyon at natutong gumamit ng pera at mamili sa mga tindahan. Ang pagpasok ng mga plantasyon ay nagdulot ng malaking pagbabago sa nakaugaliang pamumuhay ng mga Bagobo, gaya ng atin ng binigyang pansin sa unahan.¹¹¹

Kaagapay ng nakaugaliang kabuhayan ng mga Lumad ang tumutugma namang organisasyong panlipunan. Simple lamang ito. Bawat komunidad ay binubuo ng isang pinuno at ng kanyang mga kaanak o clan. Maraming ganitong komunidad sa bawat grupong etno-lingwistiko. Dahil sa ganitong organisasyon ng pamayanan, walang pinag-isang tribu na may isang sentro ng liderato. Tanging ang mga Bagobo ang may masasabing karanasan, sa isang sentro ng pamunuan bagamat may kababawan pa rin.¹¹²

Ano naman ang kanilang karanasan sa pakikilaban sa mga kaaway? Dapat liwanagin ito bago pa man tayo pumalaot na ang kanilang itinuturing na kaaway ay di kinakailangang taga-ibang tribu. Maaari rin itong katribu ngunit taga-ibang komunidad. Uso sa mga Lumad ang pagkakaroon ng bagani (magani sa Bagobo; bong lebe sa Bla-an), mga mandirigma na sinusukat ang pagkalalaki sa bilang ng kanilang napapatay. Subalit ang mga ito ay sanay lamang sa isahang labanan, sapagkat bihira namang magkaroon ng malakihang digmaan. At hindi kinakailangan na ang kaaway ay tinalo o napatay sa labanang harap-harapan. Maaari ring patalikod o pataksil. Maaari ring gumamit ng lason. Basta ang mahalaga ay uwi nito ang ebidensya ng pagkapanalo, tulad ng ulo o ilang hibla ng buhok.¹¹³

Mapapansin ang pagkakatugma ng antas ng kabuhayan sa organisasyong panlipunan at sa antas ng karanasan sa pakikilaban. At kung itatapat natin ang mga ito sa laki o liit ng

kanilang ipinakitang pagtutol sa mga Amerikano ay kaagad nating makikita ang pagkakaangkop ng huli. Sa madali't salita, ang ipinakitang paglaban ng mga Lumad ay umaayon lamang sa kanilang panloob at panlabas na kakayahan. At malaking bagay na ito para sa kanila. Dito nakapaloob ang hiyas ng kanilang pakikibaka.

MGA TALA

- ¹ Nandoon ako sa Kongreso ng pagtatatag ng Lumad Mindanaw bilang *resource person*. Mapapansin na sa paggamit ng pangalang Lumad, binibigyang-diin nila na hindi nila pinagkakaabalahan kung "tribu" ba o "sub-tribu" ang kanilang tinutukoy na mga kasapi; at sila'y iba kaysa sa Bangsa Moro.
- ² Ang R.A. 6734 ay pinirmahan ni Presidente Corazon C. Aquino bilang batas noong Agosto 1, 1989. Ang "Bangsa Moro" at matatagpuan sa Art. XI, Sec. 3 (2). Ang binabanggit na "tribal peoples" sa Art. XI, Sec. 3 (1) ay tuwirang tumutukoy sa "Lumad" sa Art. XIII, Sec. 8 (2). Ayon sa naging resulta ng plebisito noong Nobiyembre 19, 1989, ang apat na probinsya ng Maguindanao, Lanao de Sur, Sulu at Tawi-Tawi ang pumailalim sa *Autonomous Region in Muslim Mindanao*.
- ³ Hindi natin tinutukoy dito ang kalagayang pulitikal ng *Moro Province* (1903-1914) na noon ay binubuo ng limang provincial districts ng Davao, Cotabato, Lanao, Zamboanga at Sulu. Ang limang huli ang tinutukoy natin sapagkat ito ang naging mga probinsya nang lumaon.
- ⁴ Ang datos tungkol sa Mamanwa ay galing sa tatlong dokumento: (a) *Annual Report of the Philippine Commission, 1900* (Washington: Government Printing Office, 1901). Volume II, Part II, pp. 13, 14. (b) Dr. David P. Barrows, "Population", *Census of the Philippine Islands, 1905*. Apat na Bolyum. Bolyum I, pp. 411-585. Ang artikulo at may tatlong sub-heading: una, *History of the Population*, 411-491; pangalawa, *Characteristics of the Civilized or Christian Tribes*, 492-531; pangatlo, *Characteristics of the Non-Christian Tribes*, 532-585. Ang chart na pinamagatang *Classification of Non-Christian Tribes* ay nasa pp. 469-477. © Liham ni Padre Pablo Pastells, S.J. sa kanyang Padre Probinsya. na si Padre Juan Capell, S.J., Manila, Abril 20, 1887. Isa ito sa mga sulat na nalimbag sa *Philippine Studies*, Volume 19, Number 4 (October) 1971, pp. 639-734 na pinamagatang "The Christianization of Davao Oriental: Excerpts from Jesuit Missionary Letters" ni Jose S. Arcilla, S.J.. Ang iba't ibang grupong katutubo sa Mindanao ay tinatalakay sa pp. 651-658.

Ang mga dokumentong nabanggit ay tutukuyin na lamang nating *Annual Reports of the Philippine Commission* (ARPC), Barrows at Pastells sa susunod.

- ⁵ ARPC-1900, Vol. I, Part II, p. 13; Barrows, p. 473; Pastells, p. 653.
- ⁶ Wala ang Mansaka sa listahan ni Pastells. Binanggit lamang ito ni Barrows at kaagad idinugtong na ang wastong pangalan ng tribu ay Mandaya. Idinagdag pa ni John M. Garvan, *The Manobos of Mindanao*. Memoirs of the National Academy of Sciences, Volume XIII, First Memoir (Washington: Government Printing Office, 1931), p. 6 na hindi ito ibang tribu kaysa sa Manobo at Mandaya; kapatid ito sa wika ng huli. Ayon naman kay Fay-Cooper Cole, and may akda ng *The Wild Tribes of Davao District, Mindanao*. Field Museum of Natural History, Publication 170, Anthropological Series, Vol. XII, No. 2 (Chicago, U.S.A., 1913), p. 165, ang salitang Mansaka ay nangangahulugan "mga taong naninirahan sa mga hawan sa gubat" ay siya rin kasinkahulugan ng salitang Mandaya.
- ⁷ Sinabi lamang ni Pastells na ang mga Manguangas o mga tao ng kagubatan ay laging kaaway ng mga Manobo at Mandaya ng Agusan, gayundin ng mga Muslim ng Hijo at mga Aetas. Binanggit lamang ito sa ARPC at may kaunting impormasyon kung saan sila naninirahan. Para kay Barrows, sila ay Mandaya rin. Wika naman ni Garvan, sila ay may halong dugo ng Negrito.
- ⁸ Ang mga Dibabawon: Debabaon kay Garvan; Gibabaun kay Barrows at kabilang sa tribung Mandaya; Divavaoan kay Cole at Mandaya rin.
- ⁹ Ang mga Manobo ang pinakakalat kung tirahan ang pag-uusapan. May malaking grupo sa kahabaan ng ilog Agusan; mayroon din sa bandang Cabo de San Agustin; matatagpuan din sila sa katimugang Bukidnon; sa Davao del Sur; at sa Sultan Kudarat, sa Hilagang Cotabato. Hindi na muna natin isasali sa usapan ang Manuvu ni Dr. Arsenio Manuel.
- ¹⁰ Binanggit ang Tagakaolo sa ARPC, p. 13; kay Pastells, p. 654; kay Barrows, p. 476, at kay Garvan, pp. 7-8. Si Cole ay may limang pahinang talakayan tungkol sa kanila. Si Barrows, si Garvan at si Cole at pare-parehong nagsasapantaha na ang "olo" sa pangalan ay tumutukoy sa panirirahan ng mga ito sa bandang ulo ng ilog, kaiba sa mga Tagabawa kung saan ang "bawa" ay tumutukoy naman sa ibaba ng ilog.
- ¹¹ Una nating narinig ang pangalang Samal sa Davao nang sakupir.

ni Jose Oyanguren ang lugar at tinulungan siya ng mga ito laban sa mga Moro. Ayon kay Pastells, pinaghalo raw silang Muslim at Mandaya, p. 655; Samales ang pangalang ginamit ng ARPC, p. 13, at Samal sa kay Barrows, p. 475. Hindi natin alam kung kailan pinasimulang gamitin ang "Isamal" sa mga dokumento. Ang maliwanag ay ginamit ito ni Henry Otley Beyer noong 1918 sa kanyang artikulo na kasamang nalimbag ng Senso ng 1918: H., Otley Beyer. *"The Non-Christian People of the Philippines"*, *Census of the Philippine Islands, Volume II* (Manila: Bureau of Printing, 1921), pp. 907-957. Ang Isamal ay binanggit sa p. 926.

¹² Ang mga Ata ayon sa iba't ibang awtor: para kay Pastells, p. 653, ay Atas o itaas, ataas, atas na ang ibig sabihin ay naninirahan sa mataas na lugar; binanggit lamang sa ARPC, P. 13; para kay Barrows, p. 469. Ata ang tunay na pangtribung pangalan; walang gasinong nalalaman tungkol sa kanila, ani Cole, at kay Garvan naman ay medyo magulo.

¹³ Ayon kay Cole ang iba pang pangalan ng Bagobo ay Guianga, Guanga, Gulanza, Obo, Tigdapaya at Eto; sa ARPC, magkaiba ang Bagobo, Guianga at Tagabaua.

¹⁴ Tingnan ang # 13.

¹⁵ Tingnan ang # 13.

¹⁶ Calanganes ito sa ARPC, p. 13; Calaganes kay Barrows ngunit ang wastong pangalan ng tribu ay Bagobo, p. 470; para kay Cole naman, p. 138, isa lamang ito sa iba't ibang pangalan ng Tagakaolo, gaya ng sumusunod: Tagakaola, Saka, Kagan, Kalagan, Calaganes, Calagars, Laoc. Magkaiba ang Calagan at Tagakaolo para kay Pastells, p. 654, bagaman binanggit niya na ang Calagar ay hindi Muslim.

¹⁷ Bilanes, Buluares, Bil-an, Bul-uan at Bulu-an naman ang mga pangalang itinala ni Pastells, pp. 655-656; kay Cole, p. 129, naman ay Bila-an, Bilanes, Balud o Tumanao at bawat isa ay tumutukoy sa iba't ibang lugar. Para sa mga may pangalan mismo, ang kanilang bigkas ay Bla-an, dalawang pantig at sa ikalawang pantig ang diin.

¹⁸ Ang mga datos dito ay kinuha sa *Estadistica de Davao, 1870-71* (?).

¹⁹ Tingnan ang # 9 sa itaas.

²⁰ Ayon kay Barrows, p. 469, ang wastong tribu nito ay Manobo; para naman kay Garvan, p. 5, tila raw *extension* ito ng mga Bukidnon.

²¹ Si Fay Cooper-Cole ay may isang buong aklat tungkol sa mga Bukidnon, *The Bukidnon of Mindanao*. Fieldiana: Anthropology Volume 46 (Chicago Natural History Museum, 1956). Ang

pananaliksik ay isinagawa niya noong 1910. Binanggit niya sa *Preface* na ang turing ng mga taong ito sa kanilang sarili ay Higaonan, ngunit higit silang kilala na Bukidnon, ang pangalang ibinigay sa kanila ng mga Bisaya.

- ²² Mas malawak ang grupong tinutukoy dito kaysa sa Ata sa unahan.
- ²³ Binabanggit sa tradisyon at poklor ng mga Bukidnon na ang mga Bukidnon at Maranaw ay nagmula sa dalawang magkapatid na sina Balaoy at Belen. Tingnan ang aklat ni Mardonio M. Lao, *Bukidnon in Historical Perspective* (Musuan, Bukidnon: Publications Office, Central Mindanao University, 1965), lalo na ang Appendix K - An English translation of the "Kalikat Hu nga Etaw Dini ta Mindanao", pp. 256-264.
- ²⁴ Kay Pastells, p. 655. ay Tagabili o Taga-bulu sa ARPC, p. 13, ay Tagabelies; kay Barrows ay Tagablis at ang wastong pangalan ng tribu ay Tagabili.
- ²⁵ Tedurayes o Terurayes ang nasa talaan ni Pastells, p. 655; Tirurayes sa ARPC, p. 13, at Tiruray kay Barrows, p. 477.
- ²⁶ Subanos ang nakatala sa ARPC, p. 13.
- ²⁷ Ayon na rin sa ulat na opisyal ng Gobernador Heneral noong 1916, higit na mapagkakatiwalaan ang Senso ng 1918 kaysa sa 1903. Tingnan natin ang populasyon ng tatlong probinsya noong 1918. Ang Agusan ay may kabuuang populasyon na 65,000. Mahigit sa kalahati nito o 35,000 ay nakatala sa klasipikasyong Pagan. Sa Bukidnon naman, ang kabuuan ay 66,000. Mahigit na kalahati o 41,800 ay di-Kristiyano. At sa Davao, ang kabuuan ay 102,300. Mahigit sa kalahati o 61,803 at pagan.
- ²⁸ Harold H. Elarth, Lt. Col. Ed., *The Story of the Philippine Constabulary, 1904-1935*. (L.A., California Globe Printing Co., 1949).
- ²⁹ Ang *Philippine Constabulary* sa Mindanao noong 1905 ay binubuo ng 779 katao na nagmamula sa iba't ibang tribu sa buong bansa, gaya ng sumusunod:

Visayans	252	Moros	315
Tagalog	17	Samboangans	112
Ilocano	4	Mandaya	39
Ilongo	2	Subanos	14
Malay	1	Bagobos	11
East Indians	6	Yakan	5
Manobo	1		

Galing ang datos sa *Annual Report of the Philippine Commission, 1905* (Washington: Government Printing Office, 1906). Ang Appendix A - Annual Report of the Chief of the Philippine

Constabulary ay nasa Part 3, pp. 27-129, at nasa p. 126 ang distribusyon ng enlisted personnel.

³⁰ Elarth, op. cit.

³¹ *Ibid.*, pp. 103, 119.

³² *Ibid.*, pp. 129, 131.

³³ *Ibid.*, p. 84.

³⁴ Ito ay sumada ng lahat ng pangyayari na nakatala ng kalat-kalat sa aklat ni Elarth, mula sa p. 83 hanggang p. 132. Hindi kasali dito ang mga ginawang pagsalungat ng mga Bagobo sa mga Hapon noong 1918-1935.

³⁵ *Annual Report of the Philippine Commission, 1906* (Washington: Government Printing Office, 1907), Part 2. Nasa pp. 298-301 ang sinopsis ng opisyal na ulat ng Gobernador ng Davao. Naglalaman ito ng resulta ng imbestigasyon na isinagawa ng PC hinggil sa pagkakapatay kay Gobernador Edward Bolton at Mr. Benjamin Christian.

³⁶ *Ibid.*, Part I, pp. 369-372. Sa pp. 370-372 ay nandoon ang listahan ng mga *Tribal Ward* sa Mindanao. kasali ang pangalan ng tribu, ang pangalan ng pinuno, ang pangalan ng deputy, at ang headquarters. Sa *ibid.*, 1907. Part I, pp. 392-396 ay may malamang talakayan ng *Tribal Ward* at *Tribal Ward Court*.

³⁷ *ARPC-1906*, Part I, p. 372.

³⁸ *Ibid.*, p. 369.

³⁹ *Ibid.*, Part 2, p. 298.

⁴⁰ *Ibid.*, pp. 298-299.

⁴¹ *Ibid.*, p. 299.

⁴² *Ibid.*

⁴³ *Ibid.*

⁴⁴ *Ibid.*

⁴⁵ *Ibid.*

⁴⁶ *Ibid.*

⁴⁷ *Ibid.*, pp. 299-300.

⁴⁸ *Ibid.*, p. 300.

⁴⁹ Elarth, *ibid.*, p. 89.

⁵⁰ Shinzo Hayase, *Tribes, Settlers, and Administrators on a Frontier: Economic Development and Social Change in Davao, Southeastern Mindanao, The Philippines, 1899-1941*. Ph.D. Dissertation, Murdoch University, Western Australia, 1984, p. 98.

⁵¹ *Ibid.*, pp. 104-105.

⁵² *Ibid.*, p. 105.

- ⁵³ Garvan, op. cit., p. 229. Ang buong kanabata XXIX, pp. 229-240, ay nakatuon sa kilusan ng Tungud.
- ⁵⁴ *Ibid.*, p. 230.
- ⁵⁵ *Ibid.*, tala blg. 6 at 7.
- ⁵⁶ *Ibid.*, pp. 230-231.
- ⁵⁷ *Ibid.*, p. 231.
- ⁵⁸ *Ibid.*, pp. 235-238.
- ⁵⁹ *Ibid.*, p. 239.
- ⁶⁰ *Ibid.*, pp. 235-239.
- ⁶¹ Fay Cooper-Cole, *The Wild Tribes of the Davao District*, pp. 179-180.
- ⁶² Peter Gordon Gowing, *Mandate in Moroland, 1899-1920* (Quezon City: Philippine Center for Advanced Studies, University of the Philippines System, 1977), pp. 174-175.
- ⁶³ Cole, *The Bukidnon of Mindanao*, p. 118.
- ⁶⁴ Liham ni Padre Pablo Pastells sa kanyang Padre Superyor na si Padre Juan Capell, S.J., Baganga, 2 Mayo 1877. *Nasa Philippine Studies, ibid.*, pp. 670-673.
- ⁶⁵ Elarth, op. cit., p. 100.
- ⁶⁶ *Ibid.*
- ⁶⁷ *Ibid.*, pp. 100-101.
- ⁶⁸ *Ibid.*, p. 101.
- ⁶⁹ *Ibid.*
- ⁷⁰ *Ibid.*
- ⁷¹ *Ibid.*
- ⁷² Gowing, *ibid.*, p. 232.
- ⁷³ *Ibid.*, p. 233.
- ⁷⁴ Juan Sabares, "The Conquest of Mindanao", *The Commonwealth*, March 1937. Ang bersyon ng mga Manobo ay nakapaloob sa *Prologue to the Ulahingan* (Manobo Epic) (Dumaguete City: Silliman University, 1965) ni Elena G. Maquiso. Mimeo editor. Ang Appendix I - Story of the Langkat ni Demetrio Bangkas ay nasa pp. 110-114. Tawagin natin itong Langkat mula ngayon.
- ⁷⁵ Langkat, p. 110.
- ⁷⁶ *Ibid.*
- ⁷⁷ *Ibid.*
- ⁷⁸ *Ibid.*
- ⁷⁹ *Ibid.*, pp. 110-111.
- ⁸⁰ *Ibid.*, 111.

- ⁸¹ *Ibid.*
- ⁸² *Ibid.*
- ⁸³ *Ibid.*
- ⁸⁴ *Ibid.*, pp. 111-112.
- ⁸⁵ *Ibid.*, p. 112.
- ⁸⁶ *Ibid.*
- ⁸⁷ *Ibid.*
- ⁸⁸ *Ibid.*
- ⁸⁹ *Ibid.*, p. 113.
- ⁹⁰ *Ibid.*
- ⁹¹ *Ibid.*
- ⁹² *Ibid.*
- ⁹³ *Ibid.*
- ⁹⁴ *Ibid.*, pp. 113-114.
- ⁹⁵ *Ibid.*, p. 114.
- ⁹⁶ *Ibid.*
- ⁹⁷ Elarth, *op. cit.*, p. 128.
- ⁹⁸ Vic Hurley, *Jungle Patrol* (E.P. Dutton & Co., Inc, 1938). Filipiniana Reprint Series, Book 4, pp. 367-368.
- ⁹⁹ Hayase, *ibid.*, pp. 116-142.
- ¹⁰⁰ *Ibid.*, p. 160. "Tingnan ang Table 4 na pinamagatang "Davao Plantations Owned by Different Nationalities 100 Hectares and Over in 1918".
- ¹⁰¹ *Ibid.*, p. 253.
- ¹⁰² *Ibid.*, pp. 253-254.
- ¹⁰³ *Ibid.*, p. 254.
- ¹⁰⁴ *Ibid.*, p. 256.
- ¹⁰⁵ *Ibid.*, pp. 254-260.
- ¹⁰⁶ *Ibid.*, pp. 257-260.
- ¹⁰⁷ *Ibid.*, pp. 259-260.
- ¹⁰⁸ *Ibid.*, pp. 260-261.
- ¹⁰⁹ *Ibid.*, p. 61.
- ¹¹⁰ Tingnan ang mga sumusunod na mga pag-aaral: Garvan, *ibid.*, pp. 72-98; Cole, *The Wild Tribes of Davao District*, pp. 63-92 sa mga Bagobo, pp. 139-1412 sa mga Bla-an, pp. 184-187 at p. 190 sa mga Mandaya; Cole, *Bukidnon of Mindanao*, pp. 45-63; Emerson Brewer Christie, *The Subanuns of Sindangan Bay* (Manila: Bureau of Printing, 1909), pp. 41-49; ang tungkol sa pagbabayad nila ng buwis sa mga Mero ay nasa pp. 25-28.

¹¹¹ Hayase, *ibid.* Tingnan ang Chapter VIII Ecological and Social Change of the Davao Gulf Region, pp. 272-288.

¹¹² Garvan, *ibid.*, pp. 139-140; Cole, *Bukidnon*, pp. 79-81; Cole, *Wild Tribes*, pp. 95-96 sa Bagobo, pp. 180-181 sa Mandaya; Christie, *ibid.*, pp. 61-63.

¹¹³ Garvan, *ibid.*, pp. 145-155; Cole, *Bukidnon*, pp. 81-86; Cole, *Wild Tribes*, pp. 92-98 sa Bagobo, pp. 141-143 sa Bla-an, at pp. 187-189 sa Mandaya.